

Tungkol sa iyong pagbisita sa Serbisyo ng Pagtatasa



BreastScreen
Victoria

Ang papel pangkaalamang ito ay nagbibigay ng ilang impormasyon tungkol sa maaaring mangyari ngayong ikaw ay hinilingang dumalo sa Serbisyong Pagtatasa para sa karagdagang mga pagsusuri.

Bakit ako sinabihang bumalik?

Ikaw ay sinabihang bumalik para sa karagdagang mga pagsusuri dahil may bahagi sa iyong mammogram (pag-screen ng suso) na nangangailangan ng higit pang pagsisiyasat. Karamihan sa mga kababaihan na sinabihang bumalik para sa karagdagang mga pagsusuri ay wala namang kanser sa suso.

Magkano ang halaga ng mga pagsusuring ito?

Anumang mga pagsusuri na kinakailangan para sa karagdagang pagtatasa ay walang bayad.

Sino ang maaari kong kausapin bago ako pumunta?

Kung nais mo ng karagdagang impormasyon, maaari mong tawagan ang Serbisyong Pagtatasa at makipag-usap sa nars na tagapayo na sadyang sinanay dito.

Ano ang mangyayari sa Serbisyong Pagtatasa?

Sa iyong pagdating, makikilala mo ang isang nars na tagapayo na magpapaliwanag kung ano ang mangyayari sa pagbisita para sa pagtatasa. Ikaw ay sasabihan na basahin at lagdaan ang isang pormularyo ng pahintulot upang sumailalim sa mga kinakailangang pagsusuri. Sasagutin ng nars na tagapayo ang iyong mga katanungan tungkol sa pormularyo ng pahintulot, at ang pangkat ng pagtatasa ay susuporta sa iyo sa kabuuan ng iyong pagbisita. Tatasahin ng pangkat ng mga espesyalistang doktor ang bahagi na nangangailangang siyasatin.

Gaano katagal aabutin ang mga pagsusuri?

Magpataan nang hanggang kalahating araw sa Serbisyo ng Pagtatasa (Assessment Service) para sa iyong appointment. Maaari kaming magbigay ng attendance certificate para sa iyong lugar ng trabaho.

Ano ang mga pagsusuring maaaring kailangan ko?

Maaaring kailangan mo ang ilan o lahat ng mga sumusunod na pagsusuri:

- **Karagdagang mga mammogram** – Ang karagdagang mga mammogram ay isinasagawa upang masusing makita ng mga doktor ang bahagi ng suso kung saan may pagbabagong napansin. Ang panganib na kaugnay dito ay ang pagkalantad sa radiation, gayunpaman napakababang dosis ng radiation ang ginagamit sa mammography, at ang mga benepisyo ay mas lamang kaysa sa mga panganib. Minsan ang karagdagang mga pagsipat ay nakakailang, kung ikaw ay nakakaramdam ng sobrang pagkailang, hilingin na itigil ang procedure at ito ay ihihinto kaagad.

- **Ultrasound ng suso** – ginagamit ang mga sound wave upang makita ang karagdagang detalye ng tisyu sa suso. Pinapahiran ng gel ang suso at ang probe ay ilalapat sa balat. Walang mga panganib na kaugnay sa ultrasound at hindi ito dapat maging masakit o nakakailang.
- **Pagsusuri ng suso** – susuriin ng doktor ang anumang mga pagbabago sa suso na maaaring makita o masalat.
- **Biopsy ng karayom sa suso** – gagamitin ng doktor ang isang karayom upang kumuha ng maliit na sample ng mga selula o tisyu mula sa bahagi ng suso na kailangang suriin. Ang higit pang impormasyon tungkol sa mga pagsusuring ito ay ibibigay sa iyo sa panahong ito, kung kailangan mo ng pagsusuring ito.

Ano ang aking mga pagpipilian?

Maaari mong bawiin ang iyong pahintulot at humiling na ihinto ang mga pagsusuri sa anumang oras.

Kailan ko makukuha ang mga resulta?

Ipapaalam sa karamihan ng mga kababaihan ang kanilang mga resulta sa araw na iyon. Gayunman, ang mga resulta ng biopsy ay maaaring tumagal ng hanggang isang linggo. Ang kopya ng iyong mga resulta ay ipapadala sa iyong doktor.

Anong mangyayari sa susunod?

Karamihan sa mga kababaihan ay sasabihan na walang natagpuang mga palatandaan ng kanser sa suso sa kanilang pagbisita sa pagtatasa at aanyayahang bumalik para sa pag-screen makaraan ang dalawang taon gaya ng dati.

Paano kung may natagpuang kanser sa suso?

Ang maliit na bilang ng mga kababaihan ay madidiagnos na may kanser sa suso. Kung mangyayari ito sa iyo, ikaw ay makikipagkita sa doktor at nars na tagapayo na tatalakay sa mga natuklasan at ipaliliwanag kung ano ang susunod na mangyayari. Ikaw ay isasangguning muli sa iyong doktor na siyang mag-aayos ng pagsangguni para sa iyong patuloy na pangangalaga. Karamihan sa mga kanser sa suso na nakita sa pag-screen ay natuklasan sa maagang yugto. Kung ang kanser sa suso ay natagpuan nang maaga, mas malamang na maliit pa, at matagumpay na magagamot.

Para sa karagdagang impormasyon: breastscreen.org.au